MGA KARAPATAN, MGA PANANAGUTAN AT PAMAMALAKAD SA PAG-UUGALI

MGA KARAPATAN

MGA MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA: Ang mga magulang/tagapag-alaga ay may karapatan upang asahan ang isang masaklaw at nakakabuting programa para sa kanilang (mga) estudyante, na balitaan ng paaralan sa kanilang progreso at mga grado, at balitaan kung ang kanilang (mga) estudyante ay hindi pumapasok o inalis sa paaralan ng kung sinuman. Kung lilitaw ang mga problema ng estudyante, maging ang mga ito ay ukol sa disiplina o sa pag-aaral, ang mga magulang ay may karapatan upang usisain at mag-apela sa mga desisyon kung sa pakiramdam nila ito ay hindi makatarungan. Ang mga magulang ay may karapatan sa pakikipagkonsulta sa kawani ng paaralan at makuha at interpretahin ang mga rekord ng estudyante. Sila ay magalang na pakikitunguhan sa lahat ng mga pakikipag-ugnayan sa distrito ng paaralan.

MGA GURO:
Ang mga guro ay inaasahang gagawa sa kanilang mga katungkulan, na binanggit sa patakaran ng distrito at sa loob ng balangkas ng Kartilya ng Pang-estadong Edukasyon (o State Education Code), na walang panliligalig, pag-aabuso, o pagbabanta mula sa anumang partido. Habang ginagawa ang mga katungkulan, ang mga guro ay may karapatang gumamit ng mga makatwiran at legal na pamamaraan upang mapanatili ang nararapat na kaayusan at kontrol sa loob at labas ng silid-aralan. Sa mga aksiyon na ito, inaasahan nila ang kooperasyon ng mga estudyante, mga magulang, at kawani. Sila ay pakikitunguhan nang magalang at may respeto sa pagsagawa nila ng kanilang mga katungkulan.

MGA ADMINISTRADOR: Ang administrasyon ay may karapatan upang pamahalaan ang kanilang mga patakaran, mga alituntunin at mga regulasyon sa Jefferson Union High School District at ng Estado ng California. May karapatan sila upang balitaan kaagad sa mga potensiyal na problema sa paaralan ng mga magulang, mga estudyante, at kawani upang sila ay mamagitan sa mga problema. Sila ay pakikitunguhan nang magalang at may respeto sa pagsagawa nila sa kanilang mga katungkulan.

MGA KLASIPIKADONG EMPLEYADO: Ang mga klasipikadong empleyado ay may karapatan sa paggalang at respeto habang ginagawa ang kanilang mga katungkulan.

MGA ESTUDYANTE: Ang mga estudyante ay may karapatan sa isang makahulugang edukasyon. Ayon sa inuutos ng batas, "Ang mga estudyante ng pampublikong paaralan ay may karapatan upang gamitin ang malayang pananalita, ngunit hindi limitado sa, paggamit ng mga bulletin board, sa pamamahagi ng mga nakalathalang materyal o petisyon, at ang pagsuot ng mga butones, mga insigniya, o ibang mga tanda, maliban na lang kung ang pahayag ay malaswa, libeloso, mapanirang-puri, o may kaugnayan sa mga gang alinsunod sa kasalukuyang legal na mga pamantayan, o nag-uudyok sa mga estudyante upang gumawa ng malinaw at kasalukuyang panganib sa pagsagawa ng mga ilegal na gawain sa loob ng paaralan, o sa paglabag sa mga legal na mga regulasyon ng paaralan, o ang makabuluhang pagkasira sa maayos na pagpapatakbo ng paaralan, dahil ang mga ito ay ipinagbabawal." Ang mga estudyante ay may karapatan sa pribadong buhay at makakuha ng sarili nilang mga rekord kung may nakasulat na pahintulot ng magulang o tagapag-alaga. May karapatan sila sa personal na konsultasyon sa lahat ng miyembro ng kawani. Sila ay makakagamit sa pamamaraan sa pagreklamo na itatatag at inilalagay sa bawa't paaralan. Kagaya ng ibang komunidad ng paaralan, ang mga estudyante ay pakikitunguhan nang magalang at may respeto.

MGA RESPONSIBILIDAD

Ang **MGA MAGULANG** ay may-pananagutan sa regular na pagpasok at kasiya-siyang pag-uugali ng kanilang (mga) estudyante. Ang mga magulang ay inaasahan at inoubliga sa paraang moral na lubos na makikipagtulungan sa paaralan sa pamamagitan ng pagiging batid at sa pagdalo sa mga pagpupulong ng magulang sa mga bagay na ukol sa edukasyon ng kanilang estudyante.

Ang **ADMINISTRASYON** ng bawa't paaralan ay may pananagutan sa superintendente sa pamamagitan ng punong-guro para sa pag-uugali ng mga estudyante, pamamahala sa pagpapatakbo ng paaralan, at koordinasyon sa kabuuan ng programa. Ang punong-guro ay mamamahala sa responsibilidad at kapangyarihan upang magpanukala sa mga pamamaraan na kinakailangan upang isagawa ang patakaran ng distrito. Sa mga aksiyong pangdisiplinaryo, dapat isangkot ng punong-guro at/o ang kanyang mga delegadong kinatawan ang mga magulang ng estudyante na kumikilos sa paraang labag sa patakaran ng distrito. Ang punong-guro at ang kanyang mga itinalagang kinatawan ay mananagot upang matiyak na ang mga karapatan ng mga magulang, mga estudyante, at mga guro ay nirerespeto.

Ang **MGA GURO** ay mananagot sa pangangasiwa ng isang programa ng pag-aaral at pagpapanatili ng isang kapaligiran sa paaralan na kaaya-aya para sa epektibong pag-aaral, na nagbibigay-kakayanan sa mga estudyante upang maisakatuparan ang sarili nilang potensiyal. Ang mga guro ay inaasahang magpanatili sa wasto at sapat na kontrol sa loob at labas ng mga silid-aralan. Ang guro ay magpapatupad sa mga alituntunin at mga regulasyon, mag-uulat sa kakulangan ng progreso ng estudyante, at araw-araw na mag-uulat sa mga paglabag sa pagpasok sa paaralan. Maagap silang mag-uulat sa mga akto ng masasamang-asal ng mga estudyante sa delegadong kapangyarihan.

Ang **KLASIPIKASONG EMPLEYADO** ay kikilos sa mga bahagi na partikular na awtorisado at itinalaga ng superintendente at/o ng punong-guro para sa mga bagay na may kaugnayan sa pag-uugali ng estudyante.

Ang **MGA ESTUDYANTE** ay may pananagutan sa pagkompleto sa lahat ng itinalagang trabaho ng paaralan sa lubos ng kanilang makakaya. Ang bawa't estudyante ay inaasahang kumilos sa paraan na tumutupad sa mga alituntunin at regulasyon ng estado, distrito at paaralan. Ang bawa't estudyante ay inaasahang magpanatili ng regular at nasa oras na pagpasok sa paaralan. Ang mga estudyante ay inaasahang sumunod kaagad sa lahat ng mga makatwirang kahilingan ng sertipikado at klasipikadong empleyado.

PATAKARAN SA PAG-UUGALI NG ESTUDYANTE

Ang Kartila ng Edukasyon ng California ay nagsasaad na ang bawa't bata sa pagitan ng 6 at 18 taong gulang ay napapasailalim sa sapilitang buong-panahong edukasyon. Gayunman, ang patuloy na pagpaparehistro ng estudyante sa gayong programang ay nababatay sa regular na pagpasok sa paaralan at pagtupad sa lahat ng mga alituntunin, mga regulasyon at mga inaasahan na kapwa ginawa ng Distrito at Estado, na namamahala sa pag-uugali ng estudyante. Sa isang demokrasya, may maraming mga karapatan at mga responsibilidad, at ang lahat ng ito ay nababatay sa mahigpit na pagsunod sa isang partikular na pangkat ng mga inaasahang pag-uugali. Kailangang lubos na linawin na sinumang estudyante, sa kabiguan niyang sumunod sa mga regulasyon ng paaralan, ay maaaring mawalan ng karapatan sa libreng pampublikong edukasyon. Samakatuwid, ang mga estudyante na nagpapakita ng problema sa pag-uugali ay mapapasailalim sa pangdisiplinaryong aksiyon. Batay sa kalubhaan ng ipinapakitang pag-uugali, ang pangdisiplinang tugon na kinuha mula sa hanay ng mga kinahihinatnan na nakalista sa ibabai, ay kaagad na ipapairal ng administrasyon ng paaralan.

SAPILITANG PAGPAPAALIS

Kartilya ng Ed. ng Calif Seksiyon 48915 (c)

Alinsunod sa Kartilya ng Pang-estadong Edukasyon ng California, ang sumusunod na mga kasalanan ay nangangailangan ng **agarang pagkakasuspinde** na sinusundan ng **sapilitang** rekomendasyon para sa pagpapaalis, na sinusundan ng sapilitang pagpapaalis mula sa paaralan ng **isang kalendaryong taon**, sa kondisyon na ang mga katotohanan ay magpapatunay sa kasalanan:

1. Paghahawak, pagbebenta, o di kaya'y pagtustos ng isang sandatang pumuputok, sa loob ng paaralan o sa isang pagdiriwang na itinataguyod ng paaralan.
2. Pagwawasiwas ng kutsilyo sa ibang tao.
3. Ipinagbabawal sa batas na pagbebenta ng kontroladong gamot, na nakalista sa kabanata 2 (na nag-uumpisa sa Seksiyon 11053) ng Dibisyon 10 ng Kartilya ngKalusugan at Kaligtasan (o Health and Safety Code).
4. Pagsagawa o pagtangkang magsagawa ng paggahasa o seksuwal na pambubugbog.
5. Paghawak ng isang eksplosibo ayon sa itinakda sa 18 USC 921.

PANGKALAHATANG PAMAMARAAN SA PAGDISIPLINA

Bahaging Pinuproblema	Hanay ng Mga Aksiyon na Gagawin
Alkohol o iba pang kontroladong inumin: paggamit, sa impluwensiya ng, paghawak, pagtustos	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Pagtuligsa at/o Pambubugbog, sa isang estudyante	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Pagtuligsa at/o Pambubugbog, sa isang empleyado ng paaralan	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, sapilitang pag-uulat sa pulisya*
Pagtuligsa gamit ang isang Nakamamatay na Armas	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, sapilitang pag-uulat sa pulisya*
Pinsala sa Paaralan o Pribadong Ari-arian	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya* Kahilingan sa pagbabayad-pinsala
Mapanganib na Bagay—paghawak o paggamit – Kasama ang anumang mapanganib na bagay na walang makatwirang gamit pang-edukasyon sa mag-aaral	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*

Pagsuway sa Awtoridad	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Mapanggulong Asak	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan
Mga Kagamitan ng Ipinagbabawal na Gamot, paghawak ng	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Mga Ipinagbabawal na Gamot, o anumang kontroladong gamot: paggamit, sa impluwensiya ng, paghawak	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Mga Ipinagbabawal na Gamot, o anumang kontroladong gamot: Pagbebenta, pagtustos	Pagsangkot ng magulang, sapilitang suspensiyon, sapilitang pagpapaalis sa paaralan, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, sapilitang pag-uulat sa pulisya
Mga Eksplosibong Kagamitan: Ayon sa 18 USC 921 ang isang *eksplosibo* ay nangangahulugang isang *mapaminsalang kagamitan* at naglalakip sa, ngunit hindi limitado sa anumang bomba na eksplosibo, nakakasunog, o nakalalasong gas, granada, raket na may pambunsod na lagak (o propellant charge) na higit sa 4 onsa, misail na may eksplosibo o nakakasunog na lagak na higit sa isang-sangkapat na onsa, mina o katulad na kagamitan. Kasama rin sa *mapaminsalang kagamitan* ang ibang uri ng armas na maaaring baguhin upang magmukhang eksplosibo.	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, sapilitang pag-uulat sa pulisya
Pag-aaway	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Sandatang pumuputok, paghawak o pagtustos Ang isang sandatang pumuputok ay itinuturing na isang kagamitan, na dinesenyo upang gamiting armas, kung saan mula mula sa bariles nito ay lumalabas ang isang panudla gamit ang lakas ng isang eksplosibo o ibang anyo ng kombustiyon o pagkasunog. Kasama dito ang anumang baril, iskopeta/riple at isang tagapaglunsad ng panudla na ibinubunsod ng isang raket (o rocket propelled projectile launcher)	Pagsangkot ng magulang, sapilitang suspensiyon, sapilitang pagpapaalis sa paaralan, pagpapaharap sa mga nagpapatupad ng batas
Imitasyong Sandatang Pumuputok. Itinuturing na isang kopya ng sandatang pumuputok na lubos na kapareho sa mga pisikal na katangian ng isang tunay na sandatang pumuputok na maipagpapalagay ng isang lohikong tao na ang kopya ay isa talagang sandatang pumuputok.	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Pagpalsipika	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Kutsilyo, pagwawasiwas sa ibang tao: Ayon sa paggamit sa seksiyong ito, ang kutsilyo, ay nangangahulugang anumang sundang, punyal, o ibang sandata na may nakapirmi at pinatulis na talim na inilagay una sa lahat para sa pagsaksak, isang sandata na may inilagay na talim na higit sa lahat ay para sa pagsaksak, isang sandata na may talim na may habang higit sa 3 ½ pulgada, isang natitiklop na kutsilyo na may talim na maipapanatili sa takdang lugar, o isang labaha na hindi natatakpan ang talim	Pagsangkot ng magulang, sapilitang suspensiyon, sapilitang pagpapaalis sa paaralan, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, sapilitang pag-uulat sa pulisya

Kusang pagtanggap ng isang Ninakaw na Ari-arian ng Paaralan o Ari-ariang Pribado	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya* Kahilingan sa pagbabayad-pinsala
Harapang pagnanakaw, Panghuhuthot	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, sapilitang pag-uulat sa pulisya
Panggahasa: pagsagawa o pagtangkang magsagawa	Pagsangkot ng magulang, sapilitang suspensiyon, sapilitang pagpapaalis sa paaralan, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, sapilitang pag-uulat sa pulisya
Paninigarilyo o Paghawak ng Tabako o Mga Produkto	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, suspensiyon, pagpapakilala sa isang programa sa paghinto na itinataguyod ng paaralan
Mga Pagbabantang Terorismo: pagbabantang magsagawa ng krimen na magreresulta sa kamatayan o lubhang kapinsalaan sa katawan ng ibang tao, na may partikular layunin na ang pahayag na ito ay itituring na banta, kahit na walang balak na talagang gagawin ito	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, sapilitang pag-uulat sa pulisya
Patagong pagnanakaw	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Pagbubulakbol, Pagkahuli sa Klase	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, detensiyon, pagpapakilala sa mga alternatibong programa
Abusong Pasalita, Malaswang Kilos, Lapastangang Pananalita, Pag-uugali o Karahasan na Inuudyok ng Pagkamuhi, Pagmamalabis sa Baguhang Estudyante o Hazing, Panliligalig, Panliligalig Dahil sa Lahi, Panliligalig na Seksuwal patungo sa mga estudyante o mga empleyado ng paaralan. Kasama dito ang panliligalig, pagbabanta o intimidasyon laban sa mga empleyado ng distrito o mga estudyante na sapat ang karahasan o pagkalaganap na mayroon itong tunay & makatwirang inaasahang epekto ng pagpapahinto ng trabaho sa klase, paglikha ng sapat na kaguluhan & panghihimasok sa karapatan ng empleyado o mga estudyante ng paaralan sa pamamagitan ng paglikha ng kapaligirang pang-edukasyon na puno ng intimidasyon at poot.	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*
Mga Armas maliban sa sandatang pumuputok - paghawak, pagbebenta o pagtustos. Kasama ang mga pellet gun at mga BB gun.	Pagdinig na Magsisiyasat sa Pag-uugali/Insidente, pagsangkot ng magulang, pagpapakilala sa mga alternatibong programa, suspensiyon, pagpapaalis sa paaralan, pagbibigay-alam sa pulisya*

* Ang pagbibigay-alam sa pulisya ay gagawin at ang pag-aresto o dagdag na aksiyon sa pagpapatupad ng batas ay maaaring hilingin ng paaralan, matapos ang konsultasyon sa pulis, at depende sa bigat ng insidenteng isinaalang-alang.

MGA PAARALANG WALANG TABAKO
Patakaran sa Tabako sa loob ng Paaralan – Mga Pamamaraan sa Pagpapatupad

Ang paghawak, paggamit, pagbebenta o pagtustos ng anumang produkto ng tobako sa loob ng paaralan o anumang pasilidad ng distrito ay isang paglabag sa Seksiyon 48901 ng Kartilya ng Edukasyon at ng Patakaran ng Lupon ng Paaralan, at sa gayon ay hindi pinapahintulutan sa anumang oras. Ang mga estudyante na lumalabag sa patakarang ito ay ipasasailalim sa sumusunod na hanay ng mga panukalang pandisiplina at pantuwid:

Hanay ng mga Kinahihinatnan para sa Unang Pangyayari:

1. Pakikipagpulong sa estudyante kasama ang naaayong administrador ng lugar.
2. Pakikipag-ugnayan at/o pakikipagpulong sa magulang/tagapag-alaga.

3. Ang estudyante ay dadalo sa isang dalawang-oras na Pangkat ng Edukasyon sa Tabako, matapos ang klase, sa kampus, na pinangangasiwaan ng Koordineytor ng Distrito, Edukasyon ng Paghadlang sa Paggamit ng Tabako.

Hanay ng mga Kinahihinatnan para sa Ikalawang Pangyayari:

1. Pakikipagpulong sa estudyante kasama ang naaayong administrador ng lugar.
2. Pakikipag-ugnayan at/o pakikipagpulong sa magulang/tagapag-alaga.
3. Pagpapakilala sa naaayong empleyado ng lugar para sa pagpapayo
4. Ang estudyante ay dadalo sa isa sa sumusunod na mga pangkat ng edukasyon sa tabako:
   a. Dalawang-oras na sesyon, matapos ang klase, sa kampus.
   b. Apat-na-oras na klase sa Sabado, sa labas ng kampus.
5. Ang estudyante ay maaaring masuspinde mula sa paaralan sa kabiguang dumalo sa Pangkat ng Edukasyon sa Tabako.
6. Posibleng pagkasuspinde sa loob ng paaralan (o in-house suspension).

Hanay ng mga Kinahihinatnan para sa Pangatlong Pangyayari:

1. Pakikipagpulong sa estudyante kasama ang naaayong administrador ng lugar.
2. Pakikipag-ugnayan at/o pakikipagpulong sa magulang/tagapag-alaga.
3. Pagpapakilala sa naaayong empleyado ng lugar para sa pagpapayo.
4. Ang estudyante, kung mas bata sa 18 taong gulang, ay maaaring makatanggap ng sitasyon mula sa lokal na nagpapatupad ng batas, para sa paglabag ng Kodigo Penal 308B - Ilegal na paghawak ng mga produkto ng tabako ng taong mas bata sa 18 taong gulang. Upang maisagawa ito, mag-iimbita ang paaralan ng isang pulis upang mag-isyu sa sitasyon sa kampus sa isang pribadong kapaligiran.
5. Ang estudyante, kung mas matanda sa 18 taong gulang, ay maaaring uutusang dumalo sa isang apat-na-oras na klase sa Sabado na itinataguyod ng distrito.
6. Posibleng pagkasuspinde mula sa paaralan.

PAGBIBIGAY-ALAM SA NAAAYONG AHENSIYA NG PAGPAPATUPAD NG BATAS

Ang pagsagawa ng anuman sa mga akto na nakalista sa ibaba ay **magreresulta sa agarang pagbibigay-alam sa naaayong awtoridad sa pagpapatupad ng batas, ng punong-guro o ng itinalaga ng punong-guro, bago ang suspensiyon o pagpapaalis ng estudyante na nagsagawa sa akto. E.C 48906 Pagbigay ng Mag-aaral sa Opisyal ng Kapayapaan:** Nag-uutos sa mga opisyal ng paaralan na magsagawa ng agarang hakbang upang ipagbigay-alam sa mga magulang kung ang anak ay dinakip ng opisyal ng kapayapaan maliban na lang kung ang bata ay kinupkop bilang biktima ng pinagsususpetsahang pag-aabuso ng kabataan. Sa gayong mga kaso, ang nagpapatupad ng batas ang hahawak sa lahat ng responsibilidad ng pagbibigay-alam.

1. Pagtuligsa gamit ang isang nakamamatay na armas
2. Paghawak o pagtustos ng sandatang pumuputok
3. Pagwawasiwas ng kutsilyo sa ibang tao
4. Ilegal na pagbebenta ng isang kontroladong gamot
5. Pagsagawa o pagtangkang magsagawa ng paggahasa
6. Pagtuligsa at/o pambubugbog sa sinumang empleyado ng paaralan
7. Pagiging dahilan sa malubhang kapinsalaan sa ibang tao, maliban na lang sa pagtatanggol sa sarili
8. Harapang pagnanakaw o panghuhuthot
9. Mga pagbabantang terorismo
10. Paghawak ng isang eksplosibo

PAKAHULUGAN NG MGA AKSIYON AT MGA KAHIHINATNAN

MGA PAGDINIG NA MAGSISIYASAT SA PAG-UUGALI/INSIDENTE: Pamamagitan ng administrasyon ng distrito upang malaman ang antas ng hindi katanggap-tanggap na pag-uugali at/o ang kalubhaan ng insidenteng ginawa ng isang estudyante. Ang resulta ang pagdinig na ito ay maaaring isang pagdinig sa pagpapaalis sa paaralan sa harap ng Lupon ng Mga Katiwala.
DETENSIYON: Ang mga mag-aaral ay maaaring madetenido hanggang sa isang oras matapos ang pagtatapos ng pinakamahabang oras sa isang araw ng paaralan (o maximum school day) sa ilalim ng sumusunod na mga kondisyon: (1) Ang isang estudyante na hinahatid ng bus ng paaralan ay maaaring lang madetenido hanggang sa oras kung kailan aalis ang bus. (2) Kung ang isang estudyante na hindi hinahatid ng bus ng paaralan ay nadetenido, gagawin ang lahat upang ipagbigay-alam sa kanyang magulang/tagapag-alaga na itinalaga ang isang detensiyon. (3) Ang estudyante ay mananatiling nasa ilalim ng pamamahala ng isang sertipikadong empleyado sa panahon ng detensiyon.
PAGPAPAALIS SA PAARALAN: Aksiyong ng Lupon ng Mga Katiwala na magpapaalis sa isang estudyante mula sa mga paaralan ng Distrito sa isang inuutos na yugto ng panahon. Sa loob ng panahon ng pagpapaalis sa paaralan, ang isang naaayong alternatibong programang pang-edukasyon ay ilalaan para sa lahat ng napaalis na estudyante.
SUSPENSIYON: Ang pagpapaalis ng isang estudyante mula sa klase o paaralan ng sinumang sertipikadong miyembro ng kawani para sa itinalagang oras ayon sa utos ng batas. Ang E.C. 48911 ay nag-uutos ng nasa katwirang pagsisikap na balitaan ang mga magulang nang personal o sa pamamagitan ng telepono sa oras ng suspensiyon, at nag-aatas na isulat ang notipikasyon.
(Ang mga awtoridad para sa mga seksiyong ito ay kinuha mula sa mga opisyal na kodigong pampamahalaan.)

PROSESO SA PAG-APELA NG MAGULANG

Ayon sa ipinahiwatig ng patakaran, "Kung lilitaw ang mga problema ng mag-aaral, maging ang mga ito ay ukol sa disiplina o sa pag-aaral, ang mga magulang ay may karapatan upang usisain at mag-apela sa mga desisyon kung sa pakiramdam nila ito ay hindi makatarungan." Ang mga daan ay inilalaan para sa mga magulang upang matalakay nila ang kanilang mga problema kasama ang mga empleyado ng paaralan sa impormal na antas.

IMPORMAL NA ANTAS: HAKBANG 1: Pakikipagtalakay ng ikinababahala kasama ang sertipikado o klasipikadong empleyado na direktang sangkot.
HAKBANG 2: Pakikipagtalakay kasama ang naaayong pangalawang punong-guro.
HAKBANG 3: Pakikipagtalakay kasama ang punong-guro.

Kung ang apela ay hindi napagpasiyahan sa impormal na antas, ang magulang ay maaaring mag-apela gamit ang sulat sa pormal na antas. Ang tatlong hakbang sa pormal na antas ay makukumpleto sa loob ng tatlumpung (30) araw na may pasok sa paaralan.

PORMAL NA ANTAS: HAKBANG 1: Mag-apela sa naaayong administrador sa antas ng distrito.
HAKBANG 2: Mag-apela sa superintendente ng distrito.
HAKBANG 3: Mag-apela sa Lupon ng Mga Katiwala (sa regular na itinakdang pagpupulong ng lupon).

Ang mga hakbang na ito ay inilalaan bilang impormasyon para sa mga magulang. Mahalaga na alam ng mga magulang ang mga hakbang sa pag-apela na mayroon sa distrito.